Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

KATITIKAN SA KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY SAN JOSE NOONG IKA- 02 NG AGOSTO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ........... PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ....... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar .......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez ........... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............. Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............. Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ............ Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............. Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco .......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ........ Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 273-T'2000

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGLILIPAT AT PAGLALAAN NG HALAGANG ISANG MILYONG PISO (P1,000,000.00) UPANG MAGAMIT SA PAGLILIPAT AT PAGPAPAKILOS NG DPWH DREDGER 8-1 BUHAT SA AGONCILLO, BATANGAS PARA SA PAGDA-DRAGA SA LAHAT NG MGA BARANGAY NA NASA TABI NG LAWA NG BAYANG ITO.**

**SAPAGKA'T,** may kahilingan ang Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na makapaglipat at makapaglaan ng halagang P1,000,000.00 mula sa pondong Guguling Kapital ng Tanggapan ng Punong Bayan na may katergoryang Lupa at Pagpapaayos at Iba Pang Gugulin tungo sa pondong Mentinansya at Iba Pang Gugulin ng nabanggit na tanggapan upang magamit sa paglilipat at pagpapakilos ng DPWH Dredger 8-1 buhat sa bayan ng Agoncillo, Batangas para sa pagda-draga sa lahat ng mga barangay na nasa tabi ng lawa ng bayang ito;

**SAPAGKA'T,** ang nabanggit na pagda-draga sa tabi ng lawa ay bahagi ng pagsasaalang-alang ng programang turismo sa bayang ito.

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Florencio C. Odejar, Edgardo T. Porca at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang mga sumusunod na:

KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 23-T'2000

**IPINAG-UUTOS** ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1** - Maglipat at maglaan ng halagang P1,000,000.00 mula sa pondong Gugulin at kapital ng Tanggapan ng Punong Bayan tungo sa pondong Mentinansya at Iba Pang Gugulin ng nabanggit na tanggapan upang magamit sa paglilipat at pagpapakilos ng DPWH Dredger 8-1 buhat sa bayan ng Agoncillo, Batangas para sa paghuhukay sa baybaying lawa na sakop ng bayang ito, sa ikaayos ng badyet sa taong ito.

**SEKSYON 2** - Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**PINAGPASIYAHAN PA:** Na pagkalooban ng kapangyarihan ang Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa paglalaan ng pondo batay sa mga patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit ayon sa nilalayon ng kautusang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, at Pambayang Manananggol, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad

ARIEL T. MAGCALAS
Kagawad

FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad

EDGARDO T. PORCA
Kagawad

RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN
Kagawad

BERNARDO E. ISON
Kagawad

ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

LOUIE C. DE LEON
Kagawad

JEFFREY A. VILLASENOR
Kagawad

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

8/28